

## ***Ang Katapatan at Pasasalamat ay Ginantimpalaan Yugto 1***

***“11 At nangyari, na samantalang sila'y napapatungo sa Jerusalem, na siya'y nagdaraan sa mga hangganan ng Samaria at Galilea. 12 At sa pagpasok niya sa isang nayon, ay sinalubong siya ng sampung lalaking ketongin, na nagsitigil sa malayo: 13 At sila'y nagsisigaw na nagsisipagsabi, Jesus, Guro, maawa ka sa amin. 14 At pagkakita niya sa kanila, ay sinabi niya sa kanila, Magsihayo kayo at kayo'y pakita sa mga saserdote. At nangyari, na samantalang sila'y nagsisiparoon, ay nangalinis sila. 15 At isa sa kanila, nang makita niyang siya'y gumaling, ay nagbalik, na niluluwalhati ang Dios ng malakas na tinig; 16 At siya'y nagpatirapa sa kaniyang paanan, na nagpapasalamat sa kaniya: at siya'y isang Samaritano. 17 At pagsagot ni Jesus ay nagsabi, Hindi бага sangpu ang nagsilinis? datapuwa't saan nangaroon ang siyam? 18 Walang nagbalik upang lumuwalhati sa Dios, kundi itong taga ibang lupa? 19 At sinabi niya sa kaniya, Magtindig ka, at yumaon ka sa iyong lakad: pinagaling ka ng iyong pananampalataya.” (Lucas 17:11-19)***

Ang mga tao sa panahon ni Jesus kapag nais nilang pumunta mula sa Jerusalem hanggang Galileo o mula Galileo hanggang Jerusalem kailangan nilang dumaan sa Samaria dahil ito'y nasa pagitan ng dalawang lugar, ngunit dahil hindi nila gusto ang mga naninirahan sa Samaria at hindi nila isinasaalang-alang sila na hindi malinis dahil hindi Judio ang kanilang pinagmulan. Ang ating Panginoong Jesu Cristo minsan ay dumadaan sa Samaria upang abutin ang mga tao doon at ipangaral sa kanila ang mabuting balita gaya ng ating binasa sa itaas na Kasulatan na si Jesus ay naglakbay sa pamamagitan sa kalagitnaan ng Samaia at Galileo sapagkat nais Niyang tulungan ang sampung mga tao na may ketong. **Ang matutunan natin mula dito na kailangan natin dumaan sa ilang mga lugar kahit na hindi natin gusto ang mga taong naroroon upang ipahayag sa kanila ang ebanghelyo at upang ipakita sa kanila ang pag-ibig ng Diyos upang para sa ilan sa kanila ay maligtas.**

Ang mga taong ketongin mula sa panahon ni Moises hanggang sa panahon ni Panginoong Jesu Cristo sila'y isinasaalang-alang na hindi malinis, sa gayon sila'y inilagay sa labas ng mga lungsod at nayon at hindi pinayagang makipagkita sa mga tao at mabuhay kasama ng iba sapagkat sila'y isinasaalang-alang na hindi malinis. Sila ay pinanatili sa labas ng mga nayon at lungsod malayo mula sa pakikipag-uganayan sa mga tao at ang mga pari lamang ang pinapayagang suriin sila upang tingnan kung sila ay gumaling. At kung sila'y magaling na ang mga pari ay papayagan silang makapasok sa loob at ipagpatuloy ang kanilang normal na buhay at yaon ay kung bakit sinabi ng Panginoon sa kanila na pumaroon at ipakita ang kanilang sarili sa mga pari.

Ito ay napaka kahiya-hiyang bagay na magkaroon ng ketong; sa lipunan at sa mga tao na ibinababa ang mga naapektuhan ng ganoong kalagayan, nang sa gayon nang nakatagpo ng Panginoon ang sampung ketonging lalaki sila'y nakatayong malayo sa Kanya. Maaring ikaw ay walang ketong ngunit ikaw ay ibang kalagayan na nagdadala ng kahihiyan sa iyong buhay. Para sa ilang panlipunan para maging isang dukha ay isang kahiya-hiyang bagay o para maging sakitin ang kahiya-hiyang bagay, o para maging isang babae ay isang kahiya-hiyang kalagayan, o para maging hindi nakapag-asawa ay isang kahiya-hiyang bagay, o upang walang mga anak ay isang kahiya-hiyang bagay, at iba pa. Ano ang ginawa ng sampung ketongin? **“13 At sila'y nagsisigaw na nagsisipagsabi, Jesus, Guro, maawa ka sa amin.” (Lucas 17:13) Kaya anumang kalagayan na iyong pinagdaraanan at nagdudulot sa iyo ng pamimighati, pagbubukod, pagtanggap, at nakikita ka ng ibang tao na kakaiba at itinuturing ka ng naayon, gawin ang katulad gaya ng mga ketongin at tumawag sa Panginoon na sa isang malakas na tinig upang kahabagan ka at baligtarin ang iyong sitwasyon. Ang pagtangis sa Diyos ay epektibo, sapagkat hindi mo alam kung paano sasagutin ng Diyos ang iyong mga panalangin at kung paano ka tutulungan ng Diyos para mapagtagumpayan ang iyong mga pakikibaka.**

Tunay na ang Panginoon ay tinugon ang kanilang pagtangis at sinabi Niya sa kanila, **“14 At pagkakita niya sa kanila, ay sinabi niya sa kanila, Magsihayo kayo at kayo'y pakita sa mga saserdote. At nangyari, na samantalang sila'y nagsisiparoon, ay nangalinis sila.” (Lucas 17:14)** Minsan maiisip natin na imposible ang mga bagay na ating dinaranas ngunit walang imposible sa Panginoon. **Ang bagay na maiisip mo ay malayong posibilidad na mangyari kakamitin ito ng Panginoon para sa iyo. Kaya magtiwala sa Kanya at sumunod sa Kanyang Salita.**

Ang Panginoong Jesu Cristo ay gumawa ng dakilang bagay sa sampung ketongin at iniligtas Niya sila at pinalaya sila mula sa napakahirap at nakakahiyang kalagayan. Samakatuwid dapat silang maging tapat at pasalamat sa Panginoon. Ngunit ating nakita dito na isang tao lamang ang bumalik at nagpakita ng kanyang katapatan sa Panginoon. Kahit si Jesus ay namangha sa pagsasabi, **“17 At pagsagot ni Jesus ay nagsabi, Hindi бага sangpu ang nagsilinis? datapuwa't saan nangaroon ang siyam?” (Lucas 17:17)** Si Jesus ay tumulong, sumuporta, nagpagaling, nagligtas, naglaan, sinagot ang mga panalangin, at ginawa Niya ito sa maraming ta, ngunit ang tanong, ilan sa kanila ang bumalik sa Panginoon?

Ating maitatanong at sasabihin sa lahat sa sampu sa kanila na pinagaling ngunit bakit isa lamang ang bumalik? Ang katulad sa ngayon, ang Panginoon ay nagmamalasakit at nagpapala sa maraming tao ngunit bakit kakaunti

lamang ang bumabalik sa Panginoon? Ang ketongin na bumalik at ang mga tao na bumalik pagkatapos tanggapin ang mga pagpapala ni Cristo sila ang:

**1. Batid at nakikilala ang pinagkukunan ng mga pagpapala:** Minsan ikaw ay pinagaling, pinalaya o iniligtas. Maari mong iugnay iyon sa ilang mga tao na tumulong sa iyo o sa iyong sarili na ginawang tulungan ang iyong sarili. Ngunit nakalimutan mo na ikaw ay nanalangin at ang mayroon ka sa ngayon ay kasagutan ng Panginoon sa iyong mga panalangin.

**2. Tapat sa Panginoon:** \* Ang katapatan ay kinakailangan at kailangan patungo sa Panginoon, hindi lamang tayo humihiling sa Kanya kapag tayo ay nasa kapahamakan, kundi pagkatapos Niyang paginhawain tayo, kailangang nating panatilihin ang ating pangako sa Kanya at isabuhay ang ating buhay sa paraan upang paluguran Siya. \* Marami ginagamit nila ang Panginoon kapag sila'y nasa pagkabalisa ngunit pagkatapos Niyang palayain sila at paginhawain sila kanilang nakalimutan ang hiniling Niya sa kanila na gawin at maging. Huwag maging katulad ng ganoon; oo ikaw ay mga pribilihiyo mula sa Panginoon ngunit ikaw rin ay may mga pananagutan na kailangan mong gawin at panatilihin ang pangako. \* Ang lingkod ng Diyos ay dapt maging tapat sa Panginoon sa anumang pagkakataon, kahit sa pagtitiis, ang Diyos ay nagtitiis din kasama natin. Kaya kailangan nating sumulong kasama ng Panginoon at panglingkuran Siya sa lahat ng mga sitwasyon.

**3. Mapagpasalamat at mapagbigay patungo sa Panginoon:** Ang ating mga puso ay dapat mapuno ng pagpapasalamat patungo sa Panginoon. Si Jesus ay gumawa ng malaking bagay para sa atin. Kailangan nating mangagpasalamat sa Kanya gaya ng Siya ay namatay sa krus upang bigyan tayo ng walang hanggang buhay. Nais ng Diyos sa atin na magkaroon ng pasasalamat at biyaya sa ating puso patungo sa Kanya. *“Manahanan nawang sagana sa inyo ang salita ni Cristo; ayon sa buong karunungan, kayo'y mangagturuan at mangagpaalalahanan sa isa't isa sa pamamagitan ng mga salmo at ng mga himno at mga awit na ukol sa espiritu, na magsiawit kayong may biyaya sa inyong puso sa Dios.” (Colosas 3:16)*

**4. Pagtalima sa Panginoon:** Ang katapatan at pagpapasalamat ay isang gawa ng pagtalima patungo sa Panginoon: Sa mga tao na ang Diyos ay nanghimasok sa kanilang buhay at pinagpala sila ngunit sila'y hindi nagpatuloy na lumakad kasama Niya sila ay sumuway sa Kanya. **Kailangan mong patuloy na lumakad sa Diyos at iyon ay kung paano mo ipinapakita ang iyong pagsunod sa Diyos.**

**5. Pagkatakot sa Panginoon:** Ang proseso ng paggaling na nangyari sa sampung ketongin, ganon din sa anumang ginawa ni Cristo sa mga tao sa pagtugon sa kanilang mga panalangin at pagligtas sa kanila mula sa mga panganib, karamdaman, at kapahamakan ay isang paraan ng Diyos sa pagtawag sa mga tao at pagpapahayag ng Kanyang sarili sa kanila. Hindi dapat nilang balewalain ang pagtawag ng Diyos sa kanila. Nang tinawag ng Diyos si Noe ang Salita ng Diyos ay ipinaalam sa atin na si Noe ay tumugon sa pagtawag ng Diyos, at sa banal na pagkatakot sa pagtatayo ng sasakyan, *“Sa pananampalataya si Noe, nang paunawaan ng Dios tungkol sa mga bagay na hindi pa nakikita, dala ng banal na takot, ay naghandang isang daong sa ikaliligtas ng kaniyang sangbahayan; na sa pamamagitan nito ay hinatulan niya ang sanglibutan, at naging tagapagmana ng katuwiran na ayon sa pananampalataya.” (Hebreo 11:7)* **Ang kawalan ng pagtugon sa paghihimasok at tuong ng Diyos ay kawalan ng takot sa Diyos.**

**6. Matalino sa paggawa ng desisyon:** Ang ketonging lalaki na bumalik sa Panginoon pagkatapos ng paggaling, at sa mga nagpasyang nagpatuloy na lumakad kasama ng Panginoon pagkatapos tanggapin ang kagalingan ng Diyos sila'y mga matalinong mga tao sa kanilang kapasyahan. Sapagkat nang sila'y nagpasyang sumunod sa Panginoon at naglingkod sa Kanya sila ay higit na may pribilihiyo at pagpapala kaysa sa mga nag-iwan sa Panginoon. **Kapag tayo'y nagpatuloy sa pagtalima sa Panginoon at paglingkuran Siya sa gayo'y tayo ay matalino at naging may mas pribilihiyo at pinagpala kaysa sa mga nag-iwan sa Panginoon.**

Ang buhay ay pagbibigay at pagtanggap. Hinihiling palagi ng mga tao na tumanggap ngunit ayaw magbigay. Gusto ng mga tao na makuha ang mabubuting bagay ngunit hindi batid na kailangan nilang magbigay ng mabuting pagtugon sa kanilang natanggap. Ang mga tao ay palaging gustong tumanggap ngunit ayaw magbigay para makatanggap. Ang mga tao ay palaging gustong makakuha ng mabubuting bagay ngunit hindi nila napapagtanto na walang pag-aani kung walang pagtatanim. Sinabi ng Panginoon sa Kanyang Salita, *“Nagbigay halimbawa ako sa inyo sa lahat ng mga bagay, na sa ganitong pagpapagal ay dapat kayong magsisaklolo sa mahihina, at alalahanin ang mga salita ng Panginoong Jesus, na siya rin ang may sabi, Lalo pang mapalad ang magbigay kay sa tumanggap.” (Mga Gawa 20:35)* **Kaya dapat nating maunawaan na ating kauganayan sa ating Panginoon ay hindi lamang naglalaman ng pagtanggap kundi pagbibigay din.**

Ang sampung ketongin na pinagaling ng Panginoon tinanggap nila ang parehong kagalingan mula sa Panginoon, ngunit isa lamang sa kanila ang nagpakita ng tamang gawa at ang tamang pag-uugali sa Panginoon gaya ng ating babasahin dito: *“15 At isa sa kanila, nang makita niyang siya'y gumaling, ay nagbalik, na niluluwalhati ang Dios ng malakas na tinig;16 At siya'y nagpatirapa sa kaniyang paanan, na*

**nagpapasalamat sa kaniya: at siya'y isang Samaritano.” (Lucas 17:15-16)** Ipinakita Niya iyon gaya ng sumusuod:

**1. Nakilala niya ang kasagutan ng panalangin: “At isa sa kanila, nang makita niyang siya'y gumaling,”** nang nakita niya siya ay nilinis mula sa kanyang karamdaman at kahihiyahang kalagayan nakilala niya na ito ay ang pagkilos ng Panginoon sa Kanyang buhay. Maraming beses ang mga tao at maaring isa ka sa kanila, kapag nanalangin at nanangis sa Panginoon upang pagalingin sa karamdaman at baligtarin ang pagkabalisa, masakit at nakakahiyang katayuan, nang tinugon ng Panginoon ang mga panalangin at ginawa ang hiniling sa Kanya upang gawin, sila at ikaw siguro ay hindi makikilala iyon; lalo na ito’y nangyari pagkalipas ng matagal na panahon. **Ang kawalan ng pananampalatay at katapatan ay hindi makakagawa sa kanila na makita ang kabutihan ng Panginoon sa kanilang buhay.** Maraming beses kapag ikaw ay may karamdaman at nasa miserableng kalagayan at ikaw ay nanalangin sa Panginoon at ang Panginoon ay pinagaling ka, nang tinanggap mo ang kagalingan, ito ay lalo na kapag nangyari ito pagkatapos ng isang yugto ng panahon, maisisip mo na ang doktor na iyong binisita ang gamot o ang payo na iyong tinanggap ay ang dahilan ng kagalingan. Ngunit ikaw ay nagkakamali; maaring gamitin ng Diyos ang doktor o gamot ngunit Siya ang pinagkukunan ng kagalingan. **Ang Panginoon ang pinagkukunan ng lahat ng bagay, hindi lamang kagalingan, kundi kapayapaan, kagalakan, pagpapalaya, kaligtasan, kalutasan sa mga suliranin, at kaginhawaan sa panahon ng mga kaguluhan.**

**2. Siya ay nagsisi: “bumalik”** sinabi ng Panginoon sa sampung ketongin na, **“Pumaroon ipakita ang inyong mga sarili sa mga seserdote”** Sa panahon ni Jesus ang mga seserdote ang responsableng tao upang suriin at magbigay ulat tungkol sa ketonging tao; kung siya ay gumaling siya ay papayagang pumaroon sa lungsod at mabuhay ng isang normal na buhay kasama ng mga tao. Ang Bibliya ay hindi sinabi sa atin kung nasaaan ang siyam na ketongin na nawala. Ngunit isa lamang ang bumalik sa Panginoon. Hindi siya bumalik sa mga seserdote at sa dating relihiyon at maling kinagawian ng buhay. Ang pagsisi ay pagbabalik, at pumihit pabalik at lumayo mula sa kasalanan. Marami kapag natanggap nila ang biyaya sila’y hindi nagsisi kundi sila’y nagpatuloy sa kanilang dating gawing pangrelihiyon. Marami pagkatapos nilang tanggapin ang biyaya ng Diyos sila’y hindi nagpasyang magsisi kundi sila’y nagpatuloy sa kasalanan laban sa Diyos. Sa kabila ng biyaya ng Diyos sa kanila, nagpatuloy silang manigarilyo, uminom, gumawa ng immoralidad, namuhay sa immoralidad, katamaman, labis na paggastos, pagmamalaki, pagpapakitang gilas, at patuloy sa maling mga paraan ng buhay. Huwag ka mapabilang sa mga ganyang tao at magalak na tanggapin ang pagsaway na ito; **“19 Ang lahat kong iniibig, ay aking sinasaway at pinarurusahan: ikaw nga'y magsikap, at magsisi.” (Pahayag 3:19)** Ang mga himala na ginagawa ng Diyos ay upang ipatupad ang iyong pananampalataya at ang iyong paniniwala at upang hikayatin ka na sumulong kasama Siya gaya ng ating babasahin sa aklat ng Juan, **“25 At mayroon ding iba't ibang mga bagay na ginawa si Jesus, na kung susulating isa-isa, ay inaakala ko na kahit sa sanglibutan ay hindi magkakasiya ang mga aklat na susulatin.” (Juan 21:25) “30 Gumawa rin nga si Jesus ng iba't ibang maraming tanda sa harap ng kaniyang mga alagad, na hindi nangasusulat sa aklat na ito: 31 Nguni't ang mga ito ay nangasulat, upang kayo'y magsisampalataya na si Jesus ay ang Cristo, ang Anak ng Dios; at sa inyong pagsampalataya ay magkaroon kayo ng buhay sa kaniyang pangalan.” (Juan 20:30-31)** Gumagawa ang Diyos ng himala sa iyong buhay sa pagtawag sa iyo upang lumakad kasama Niya at upang paglingkuran Siya.

**3. Pagpapahayag ng kabutihan ng Diyos: “na niluluwalhati ang Dios ng malakas na tinig,”** Nang tinanggap mo ang isang bagay na mabuti mula sa Panginoon, magbigay papuri sa Kanya at huwag mahiya. Marami sila’y nahihiya upang isigaw at papurihan ang Panginoon sa isang malakas na tinig sapagkat sila’y nahihiya sa mga tao; ngunit ang dahilan ng kanilang kahihyan ay pagmamataas at ayaw masiyasat ng publiko na hindi naniniwala at sumusunod kay Cristo. Tayo ay humiyaw kasama ni Pablo na nagsabi, **“16 Sapagka't hindi ko ikinahihiya ang evangelio: sapagka't siyang kapangyarihan ng Dios sa ikaliligtas ng bawa't sumasampalataya; una'y sa Judio, at gayon din sa Griego.17 Sapagka't dito ang katuwiran ng Dios ay nahahayag mula sa pananampalataya hanggang sa pananampalataya: gaya ng nasusulat, Nguni't ang ganap ay mabubuhay sa pamamagitan ng pananampalataya.” (Juan 1:16-17)** Huwag tayong mahiyang ihiyaw at ipahayag na tayo ay mga tagasunod ni Cristo at lumalakad sa Kanyang mga daan at mga lingkod sa Kanya.

**4. Siya ay naging lingkod ng Diyos handang isuko ang kanyang buhay at kalooban sa Diyos: “At siya'y nagpatirapa sa kaniyang paanan,”** kapag ang isang tao ay itinakwil ang kanyang sarili sa paanan ng ibang tao iyon ay nangangahulugan siya ay tapat at handang ipasailalim ang kanyang sarili sa taong iyon at paglingkuran siya. Ang taong iyon na bumalik sa Panginoon pagkatapos ng malaking himala ng Diyos isinuko niya ang lahat ng kanyang buhay sa Panginoon at inilagay ang kanyang sarili sa ilalim ng paglilingkod sa Diyos. Kapag ang Diyos ay gumawa ng himala sa iyong buhay, ang Kanyang layunin niyon sa iyo ay yaong makilala mo ang Kanyang biyaya sa iyong buhay at sa wakas ay iyong isusuko ang iyong sarili upang gawin ang Kanyang kalooban at paglingkuran Siya sa lahat ng panahon ng iyong buhay. Nais ng Diyos na paglingkuran Siya. **Huwag gumaya sa ibang tao na ginamit ang Diyos gaya ng kanilang pamimili sa mall; bigyan mo ako niyon at**

ibigay mo sa akin iyon at ito ngunit ayaw nilang maglinkod kay Jesus at isuko ang kanilang buhay at kalooban sa Kanya.

**5. Siya ay nagpapasalamat sa Panginoon: “na nagpapasalamat sa kaniya:”** Kapag ang Diyos ay gumawa ng dakilang bagay para sa iyo huwag kalimutang magpasalamat sa Kanya at magkaroon ng pasasalamat sa iyong puso patungo sa Kanya, **“18 Sa lahat ng mga bagay ay magpasalamat kayo; sapagka’t ito ang kalooban ng Dios kay Cristo tungkol sa inyo.” (1 Tesalonica 5:18)** Marami sa kabila ng dakilang kabutihan ng Panginoon sila’y tumugon sa pagrereklamo. Magpasalamat sa Kanya at huwag magreklamo laban sa Kanya, **“10 Ni huwag din kayong mangagbulongbulungan, na gaya ng ilan sa kanila na nangagbulungan, at nangapahamak sa pamamagitan ng mga mangwawasak” (1 Corinto 10:10)** Ang lingkod ng Diyos ay dapat maging tapat sa Panginoon sa anumang pagkakataon, kahit sa pagdurusa, ang Diyos ay nagdurusa rin kasama mo. Kaya kailangan nating sumulong kasama ng Panginoon at paglingkuran Siya sa lahat ng mga pangyayari.

**Sa aking Mahal at Minamahal:** Huwag maging mapagsamantala at huwag gamitin ang Panginoon upang tuparin ang iyong sariling pangarap at plano at pagkatapos niyon ay kinalimutan mo Siya Huwag gawin ang gayon sapagkat mas marami ang mawawala sa iyo at mawawala ang maraming mga pagpapala. Maging tapat at sa hanggang sa huli upang ikaw ay lubos na pagpalain.

Kunin ang pagkakataon ngayon upang lumapit sa Panginoon at sumunod sa Kanya. Bilang ang Diyos ay gumawa ng dakilang himala para sa iyo sa gayon maging tapat at bumalik sa Kanya at maglingkod sa Kanya. Ipangako ang iyongbuhay sa Diyos at pagpapalain ka Niya.

**Ang aking Panalangin:** Amang Diyos ako ay lumalapit sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay na maguli mula sa pagkamatay upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon salamat para sa iyong salita na aking tinanggap sa mensaheng ito na ipinakita sa akin ang aking sarili sa kung anong nangyayari sa aking buhay.

Ating ipagtapat at talikuran ang ating mga kasalanan. Ipagtapat ang iyong kawalan ng katapatan at walang pasasalamat at iyong pagsuway at kawalan ng takot sa Diyos. Panginoon ako’y nanunumbalik sa iyo, Ako’y nagsisisi at tumatalikod sa mga sumusunod na mga kasalanan \_\_\_\_\_ patungo sa iyo.

*Panginoon handan kong isabuhay ang aking buhay para sa iyo upang paglingkuran ka.*

*Panginoon ibinababa ko ang aking sarili sa iyong paanan. Panginoon aking ipinapangako ang aking sarili upang maging tapat sa iyo sa aking buhay, sa pagtalima sa iyong Salita at mga alintunin, at hindi paglimot sa ginawa mo sa akin. Panginoon aking ipinapangako ang aking sarili na maglingkod sa iyo at gawin ang iyong kalooban hanggang sa huli ng aking buhay. Panginoon aking ipinapangako ang aking sarili upang mamunga ng higit ng bunga ng Banal na Espiritu, pagibig, katuwaan, kapayapaan, pagpipigil sa sarili, pagpapahinuhod, kagandahang-loob, pagtatapat, kaamuan at kabutihan, na makita ng tao si Jesus sa aking buhay.*

*Panginoon salamat para sa aking kapatiran na ipinangako ang kanilang buhay sa iyo at sa mga simulain na aming natutunan sa mensaheng ito. Panginoon puspusin silang muli ng iyong Banal na Espiritu at gamitin silang pumaroon at pagsilbihan ka at ipangaral ang iyong Salita sa iba.*

*Panginoon pagpalain kami bilang simbahan; tulungan kaming pumaroon at magebanghelyo at abutin ang bagong mga tao at magtanim ng bagong pag-aaral ng Bibliya at bagong mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon tulungan kaming isakatuparan ang pananaw ng simbahan ‘Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Diyos’. Panginoon pagpalain kami at palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay sa gayo’y hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Ang Katapatan at Pasasalamat ay Ginantimpalaan Yugto 1. Lucas 17:11-17. Colosas 3:16. Hebreo 11:7. Mga Gawa 20:35. Pahayag 3:19. Juan 21;25. Juan 20:30-31. Roma 1:16-17. 1 Tesalonica 5:18. 1 Corinto 10:10.

Dr.Ramiz Khalaf  
Ang Tagapamahala ng Simbahan  
Simbahan ng Diyos  
United Arab Emirates  
Email: [thebread1@gmail.com](mailto:thebread1@gmail.com)  
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: [www.churchofgoduae.com](http://www.churchofgoduae.com)

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: [thebread1@gmail.com](mailto:thebread1@gmail.com).

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:

First Abu Dhabi Bank (FAB)

ACCOUNT NAME:

RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF

ACCOUNT NO:

1576003753162014

IBAN:

AE3803151576003753162014

SWIFT CODE:

NBADAEEACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: [thebread1@gmail.com](mailto:thebread1@gmail.com)

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: [thebread1@gmail.com](mailto:thebread1@gmail.com)